



THE PASCHAL SERMON OF SAINT JOHN CHRYSOSTOM (ANG PAMPASKONG PAGKABUHAY NA SERMON SI SAN JUAN KRYSOSTOMO)



If any man be devout and loveth God, let him enjoy this fair and radiant triumphal feast! If any man be a wise servant, let him rejoicing enter into the joy of his Lord. If any have laboured long in fasting, let him now receive his recompense. If any have wrought from the first hour, let him today receive his just reward. If any have come at the third hour, let him with thankfulness keep the feast. If any have arrived at the sixth hour, let him have no misgivings; because he shall in nowise be deprived therefore. If any have delayed until the ninth hour, let him draw near, fearing nothing. And if any have tarried even until the eleventh hour, let him, also, be not alarmed at his tardiness.

Kung mayroong taong deboto't nagmamahal sa Diyos, hayaan siyang matuwa sa makinang na pistang ito! Kung mayroong matalinong utusan, hayaan siyang pumasok na nagpupugay sa kaluguran ng kaniyang Panginoon. Kung mayroong nagbatang matagal sa pagaayuno, hayaan siyang tumanggap ng kaniyang gantimpala. Kung mayroong naggawa mula sa unang oras, hayaan siyang tumanggap ng kaniyang nararapat na pabuya. Kung mayroong dumating sa ikatlong oras, hayaan siyang magpasalamat at makipagpista. Kung mayroong dumating sa ika-anim na oras, huwag siyang magaalinlangan, dahil hindi siya mawawalan. Kung mayroong naantala hanggang sa ika-siyam na oras, hayaan siyang lumapit na walang pangangamba. At kung mayroong naghintay hanggang sa ika-labingisang oras, huwag din siyang masisindak sa kaniyang pagkahuli.

For the Lord, who is jealous of his honour, will accept the last even as the first. He giveth rest unto him who cometh at the eleventh hour, even as unto him who hath wrought from the first hour. And He showeth mercy upon the last, and careth for the first; and to the one He giveth, and upon the other He bestoweth gifts. And He both accepteth the deeds, and welcometh the intention, and honoureth the acts and praises the offering.

Dahil ang Panginoon, na seloso't maingat sa Kaniyang karangalan, ay tatanggapin ang nahuli katulad ng nauna. Binibig-yan Niyang kapanginahan ang dumating sa ika-labingisang oras, katulad ng gumawa mula sa unang oras. At nagpapakita ng awa sa nahuli, pagkalinga sa nauna; at sa isa'y binibigyan Niya, tulad ng paggawad Niya sa iba, ng aginaldo. Tinatanggap Niyang pareho ang mga gawa't mga hangarin; kinikilala't pinupuri ang mga kilos at paghahandog sa Kaniya.

Wherefore, enter ye all into the joy of your Lord; receive your reward, both the first, and likewise the second. You rich and poor together, hold high festival! You sober and you heedless, honour the day! Rejoice today, both you who have fasted and you who have disregarded the fast. The table is full-laden; feast ye all sumptuously. The calf is fatted; let no one go hungry away. Enjoy ye all the feast of faith: Receive ye all the riches of loving-kindness.

Kung kaya't pumasok kayo sa kaluguran ng inyong Panginoon, tanggapin ang inyong gantimpala, ang una katulad ng pangalawa. Kayong mga mayayaman at kayong mga dukha, ipagdiwang ang kapistahan! Kayong maliwanag ang pagiisip at kayong mga walang pakialam, parangalin ang araw! Magdiwang ngayon, kayong mga nagsiayuno't kayong hindi. Ang mesa'y puno ng pagkain, kumain kayong mabuti. Ang guya'y mataba, huwag kayong aalis na gutom. Pagtamasaan ninyo ang kapistahan ng pananampalataya. Tanggapin ninyong lahat ang kasaganaan ng magandang-loob na pagmamahal.

Let no one bewail his poverty, for the universal Kingdom has been revealed. Let no one weep for his iniquities, for pardon has shown forth from the grave.

Huwag ninyong ikasasama ng loob ang kadukhaan, dahil ang pangdaigdigang Kaharian ay ipinakita na. Huwag tumangis dahil sa pagkakasala sapagka't ang kapatawaran ay bumangon na mula sa libingan.

Let no one fear death, for the Saviour's death has set us free. He that was held prisoner of it has annihilated it.

Huwag matakot sa kamatayan, ang kamatayan ng ating Manunubos ay nagpalaya na sa atin. Siya, na naging bilanggo ng kamatayan, ay naglipol nito.

By descending into Hell, He made Hell captive. He embittered it when it tasted of His flesh. And Isaiah, foretelling this, did cry: Hell, said he, was embittered when it encountered Thee in the lower regions.

Nang bumaba Siya sa Impiyerno, binihag Niya ito. Pinatikim ito ng sama ng loob nang matikman ang Kaniyang laman. At sa panghuhula ni Isaias, sinabi niya: Ang Impiyerno'y sumama ang loob nang masalubong Ka sa mga mabababang lugar.

It was embittered, for it was abolished.
It was embittered, for it was mocked.
It was embittered, for it was slain.
It was embittered, for it was overthrown.
It was embittered, for it was fettered in chains.
It took a body, and met God face to face.
It took earth, and encountered Heaven.
It took that which was seen, and fell upon the unseen.

***Sumama ang loob, dahil inalis na siya.
Sumama ang loob, dahil kinutya siya.
Sumama ang loob, dahil pinatay siya.
Sumama ang loob, dahil naibagsak siya.
Sumama ang loob, dahil natinikala siya.
Nagkatawan siya at hinarap ang Maykapal.
Kinuha and mundo, at nakaharap ang langit.
Kinuha iyong nakikita, at hinarap ang di-nakikita.***

O Death, where is thy sting?
O Hell, where is thy victory?

***O Kamatayan, nasaan ang iyong kagat?
O Impiyerno, nasaan ang iyong tagumpay?***

Christ is risen, and thou art overthrown!
Christ is risen, and the demons are fallen!
Christ is risen, and the angels rejoice!
Christ is risen, and life reigns!
Christ is risen, and not one dead remains in the grave.

***Bumangon si Cristo't bumagsak ka!
Bumangon si Cristo'y nalaglag ang mga demonyo!
Bumangon si Cristo't nagdiwang ang mga anghel!
Bumangon si Cristo't naghari ang buhay!
Bumangon si Cristo't walang natirang patay sa libingan.***

For Christ, being risen from the dead, is become the first-fruits of those who have fallen asleep. To Him be glory and dominion unto ages of ages. Amen.

Dahil si Cristo, na muling nabuhay, ay ang kaunaunahang-bunga ng mga nangasitulog sa buhay na ito. Sa Kaniya ay luwalhati't kapangyarihan na panghabang panahon. Siya nawa.